DIKLAP

PAHAYAGAN NG PARTIDO KOMUNISTA NG PILIPINAS
LALAWIGAN NG QUEZON | ENERO-MARSO 2026

# Magpunyagi para sa muling paglaki at paglakas ng NPA sa Quezon!

***Pahayag sa ika-57 Anibersaryo ng Bagong Hukbong Bayan***

Pinakamaalab na pagbati at pulang saludo ang ipinapaabot ng Komite ng Partido Komunista ng Pilipinas sa mga Pulang kumander at mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan sa lalawigan ng Quezon sa ika-57 taon ng pagkakatatag nito. Nasa atin ang lahat ng dahilan para magdiwang sa napakahalagang araw na ito dahil sa pananatili ng pagkakaroon ng tunay na Hukbo ng sambayanang Pilipino na laging handang magtanggol para sa kanilang kapakanan at kalayaan.

Ang pagdiriwang natin ay paggunita rin sa lahat ng martir ng rebolusyong Pilipino kunsaan tampok ngayon ang kabayanihan ni Sandy “Ka Tau/Ka Ino” Broncano, Divine “Ka Zoe” Soreta at Paolo “Ka Isko” Cruz na nag-alay ng buhay sa panahon ng kasalukuyang kilusang pagwawasto.

Ang pagdiriwang natin ay pagbabalik-tanaw din sa mga tagumpay at kabiguang nakamit natin sa nakalipas na taon para hanguan ng maningning na aral at tanawin ang muling pagsulong mula sa pagkakabalaho, maiwasto ang pagkakamali at umigpaw sa mas abanteng yugto ng pagrerebolusyon.

Ang pagdiriwang natin ay pamamanatang muli na paglingkuran ang sambayanan sa gitna ng pagsiklab ng digmaan sa iba’t ibang panig ng mundo kung saan higit ngayong nangangailangan ang aping mamamayan ng tunay na Hukbong lalaban sa imperyalismo at pasistang tropa nito.

Hindi kailanman nawala ang NPA sa lalawigan ng Quezon. Sila ay nakaugat nang malalim sa uring magsasaka at nagtatamo ng matayog na pagkilala ng anakpawis sa kanayunan. Mahihirapang pasubalian ang pagsisilbi at nagawang kabutihan ng NPA sa taumbayan, lalo na ang konkretong pakinabang na tinamasa ng magsasaka mula sa tagumpay ng mga rebolusyong agraryo.

Hindi kayang burahin ng pagbaligtad ng kakarampot na mga taksil ang katotohanan na ang malalawak na sakahan na dati ay asyenda sa Bondoc Peninsula ay patuloy na pinapakinabangan ngayon

*(sundan sa p. 2)*

## NPA-Quezon, ginunita ang ika-57 anibersaryo ng BHB


Nagtipon-tipon ang mga pulang mandirigma ng New People’s Army-Quezon sa ilalim ng Apolonio Mendoza Command kasama ang mga dumalo na rebolusyunaryong pwersa mula sa baryo at kalunsuran para ipagdiwang ang ika-57 anibersaryo ng Bagong Hukbong Bayan.

Matapos ang sabayang pag-awit ng “Ang Bagong Hukbong Bayan” ay kolektibong binasa at tinalakay ng Pulang hukbo ang pahayag ng Komiteng Rehiyon ng Partido Komunista ng Pilipinas sa Timog Katagalugan sa anibersaryo ng BHB na pinamagatang “Magwasto at Magpalakas! Sagpangin ang paborableng kalagayan sa pagsusulong ng digmang bayan.”

Naging pagkakataon ito para magbahaginan ng kwento at karanasan sa natamong mga tagumpay at pagsubok sa nakalipas na taon. Kasabay nito, binigyang diin ang mga hamon sa pagpapalakas ng armadong pakikibaka sa erya ng digma.

Naging bahagi rin ng programa ang pagbibigay ng parangal at pagpupugay sa mga martir ng Quezon, laluna kina Sandy “Ka Tau” Broncano, Divine “Ka Zoe” Soreta, at Paolo “Ka Isko”

*Sundan sa p.8*




**OPINYON** Aklas-Diwa: Edukasyon o Indoktrinasyon *(pahina 4)*

**BASAHIN** Ang Di-mabuburang Papel ng Kababaihan sa Rebolusyon *(pahina 6 )*

**Magpunyagi...** mula sa p.1


ng maralitang magsasaka dahil sa tagumpay ng paglaban sa panginoong maylupa na noo'y pinamunuan ni Arman "Ka Jun" Albarillo. Lalong hindi makakatindig ang paninirâ ng bayarang 85th IBPA sa katotohanang nabago ang partihan sa mga niyugan pabor sa magsasaka dahil sa pakikibaka na pinamunuan ni Joseph "Ka Ken" delos Santos. Habambuhay namang nakaukit sa alaala ng katutubong Dumagat at Remontado at maralita sa kabundukan at kagubatan ng Sierra Madre ang pangalang Jordan "Ka SY/RF" Mopon na matapang nilang Kumander sa pagtatanggol ng pagkawasak ng kalikasan.

Walang saysay ang iniaalok na milyong pisong pabuya ng 201st Ibde kapalit ng pagdakip at pagpatay sa mga lider ng rebolusyunaryong kilusan sa pangunguna ng magiting na si Ka Cleo del Mundo na ngayo'y tagapagsalita ng pangrehiyong kuman ng NPA sa Timog Katagalugan. Si Ka Cleo, sampu ng kanyang mga kasamahang nananatiling tapat sa rebolusyonaryong kilusan at mamamayan ay mahal na mahal ng taga-Quezon.

Bukod tanging ang mga nagtaksil ang walang-kahihiyang lumunok sa kanilang mga prinsipyo bunsod ng nuknukang karuwagan at kakatiting na kaluwagan. Sila ay isinusuka ng uring anakpawis sa buong lalawigan ng Quezon. Ang mga may malalalang krimen sa mamamayan at rebolusyonaryong kilusan ay di maaaring hindi aabutin ng mahabang kamay ng rebolusyonaryong hustisya sa malao't sa madali.

Nasa basurahan na ng kasaysayan ang deklarasyon ng 201st IBde at Pamahalaang Panglalawigan ni Gov. Helen Tan na *insurgency free* na ang Quezon. Wala nang nakakaalala, lalong wala nang naniniwala dito mula nang ideklara noong June 2023.

Magtatatlong taon ang nakaraan, sa halip na maglubay ang 85th IBPA sa kanyang *focused military operations* ay ginawa pa itong matagalan, walang patid, mas masaklaw at mas brutal. Idinadagdag pa nga ang 16th IBPA at 81st IBPA para mag-operasyon sa South Quezon-Bondoc Peninsula. Walang duda na kaya ganito ang desperasyon ng Armed Forces of the Philippines na lipulin ang NPA ay dahil taon-taon na lamang silang katawa-tawa sa pagtatakda ng dedlayn na tatapusin ang CPP-NPA at napahiya na ang kanilang *commander-in-chief* na si Bongbong Marcos Jr nang sabihin nitong wala nang kilusang gerilya sa bansa.




Nananatili ang mga batayan para mag-armas ang masang magsasaka dahil sa kawalan at/o kakulangan ng lupa at matinding kahirapang dinaranas ngayon na pinalala pa ng pagsirit ng presyo ng pangunahing bilihin bunsod ng pagtaas ng presyo ng langis sa gitna ng digmaan sa Middle East. Maging ang uring manggagawa ay itinutulak ng busabos na kalagayan sa mga pagawaan na tumungong kanayunan para mag-armas rin at lumahok sa digmang bayan. Hindi nahihiwalay sa ganitong kalagayan ang iba pang uri at sektor sa lipunan maging ang panggitnang seksyon ng mamamayan kabilang ang mga propesyunal at kabataang estudyante. Mula sa pagdaluyong nila sa kalsada para magprotesta laban sa walang habas na korapsyon, pagsasamantala at pang-aapi, natututunan nilang walang ibang pupuntahan ang pagmamartsa sa kalsada kundi ang kanayunan.

At ang Bagong Hukbong Bayan ay pinapanatiling buhay at makabuluhan dahil sa mga batayang ito.

Sa darating na April 8-9 ay ilulunsad sa bayan ng San Narciso ang PH-US Balikatan War Exercise. Itinuturing itong pinakamalaki sa nakaraang mga ehersisyong pandigma na inilunsad sa bansa. Kabilang sa mga lalahok ang bansang France at Japan na nagsimula na noong Marso 23 at tatagal hanggang

*(sundan sa sunod na pahina)*

> **“Dapat na maging karangalan ng bawat mamamayan sa lalawigan na masabihang, “Taga-Quezon ka, maraming NPA sa inyo.”**




Mayo 9.

Dapat itong tutulan at labanan ng lahat na nagmamahal sa kasarinlan at kapayapaan. Hindi mahirap maunawaan kung bakit napakamapanganib ang *war exercise* na ito sa gitna nang inilunsad na agresyong militar ng US at Israel sa Iran at ngayon ay naghatid na ng ligalig sa buong Gitnang Silangan.

Hindi katanggap-tanggap na madamay sa isang gerang gagamitin tayong lunsaran sa kanilang inter-imperyalistang labanan. Kung gayo'y hindi dapat magpalinlang ang mamamayan ng Quezon sa inilalakong kabutihan ng nakabalatkayong tropang Amerikano at alila nitong sundalo ng AFP. Huwag dapat mamangha sa hatid na umano'y libreng serbisyong medikal, mga aktibidad pangkapatiran, pagpapaganda ng mga imprastraktura at marami pang pinalamutiang programang pambarangay. Huwag nating hayaang samantalahin ng Balikatan War Exercise ang lalim ng kaisipang kolonyal para gawing katanggap-tanggap ang inilalako nilang gyera.

Dapat hubaran ng maskara ng maamong tupa ang imperyalistang US.

Sa okasyon ng ika-57 anibersaryo ng NPA, nananawagan ang rebolusyonaryong kilusan sa lahat ng mamamayan lalo na sa kabataan na tahakin ang landas ng paglaban sa pamamagitan ng armadong pakikibaka para wakasan ang pagsasamantala at pang-aapi sa ilalim ng malakolonyal at malapyudal na sistema ng lipunang Pilipino.

Ito ang panahon ng mga kabataan ng henerasyong ito para pag-aralan ang lipunan at magpasyang sumapi sa Bagong Hukbong Bayan. Pamarisan dapat ng kabataang makabayan ng Quezon ang piniling buhay ni Dani Lagrama at iba pang kabataang tunay na naglingkod sa sambayanan.

*(sundan sa p. 8)*

Aklas-Diwa

# EDUKASYON O INDOKTRINASYON

Sa gitna ng patuloy na tunggalian sa lipunan, nananatiling mahalagang tanong kung kailan titigil ang pagpapalaganap ng kasinungalingan at baluktot na naratibo laban sa mga indibidwal at grupong piniling lumaban sa umiiral na kabuktutan. Hindi maikakaila na sa maraming pagkakataon, ang kapangyarihan ng estado na kinakatawan ng institusyong militar at pulis ay silang nagiging kasangkapan hindi lamang sa tinatawag nilang pagpapanatili ng kaayusan kundi pati na rin sa pagmamanipula ng mga salaysay. Palibhasa'y nasa kamay nila ang batas, sila rin ang may legal na posisyon at impluwensya sa nakararami, kaya't mas nagiging madali para sa kanila na hubugin ang pananaw ng publiko, kahit pa taliwas ito sa karanasan ng mayoryang aping mamamayan.

Ngunit hindi sapat na ituring na simpleng "brainwashing" ang dahilan kung bakit may mga taong nag-aarmas. Ang ganitong paliwanag ay tila pagmamaliit sa kakayahan ng tao na mag-isip at magpasya batay sa sariling karanasan. Ang katotohanan, maraming ulat ng pang-aabuso ang nagmumula mismo sa mga sibilyan, magsasaka, manggagawa at ordinaryong mamamayan na nakaranas ng karahasan, panggigipit at kawalan ng katarungan. Ang kanilang mga salaysay ay hindi dapat isantabi na lamang, sapagkat ito ang sumasalamin sa totoong naganap na madalas ay itinatago sa likod ng mga opisyal na pahayag.

Sa ganitong konteksto, ang pagpasok sa armadong pakikibaka ay hindi isang padalos-dalos na desisyon. Ito ay nakaugat sa masalimuot na kasaysayan, danas at pagsusuri sa kalagayan ng uring api. At para sa ilan, ito ang natatanging paraan upang labanan ang sistemang matagal nang pumapabor lamang sa iilan. Hindi ito landas na mayroong kapalit na yaman o kaginhawaan; sa halip, ito ay puno ng sakripisyo at panganib, at kahandaang mag-alay ng kaisa-isang buhay kung kinakailangan.

Kung kaya't hindi ako naniniwalang ginagamit lamang sila ng makakaliwang pulitika. Mahalagang kilalanin na ang kanilang pagpili ay may malalim na batayan at nararapat pa rin itong ipakalat.

Ngunit, hindi rin dapat ikahon ang buong hanay ng pulisya at militar sa iisang imahe ng pang-aabuso. May mga indibidwal sa kanilang hanay na tunay na nagsisilbi at nagtatanggol sa mamamayan. Subalit ang problema ay nag-uugat sa sistemang nagpapahintulot sa kawalan ng pananagutan at sa kultura ng kapangyarihang hindi nauusig at nasusuri.

Kaya sa usaping ito, mahalaga ring suriin ang papel ng edukasyon. Madalas sinasabing ang paaralan ang susi sa kamalayan, ngunit sa maraming pagkakataon, ito rin ang nagiging instrumento ng pambabaluktot ng katotohanan.

At bilang nakapagtapos sa propesyon ng pagiging guro, mas tumibay ang paniniwala kong wala sa loob ng paaralan ang kamalayan, sa halip ang paaralan ay isang uri lamang din ng pagpapanggap na lunsaran ng malayang impormasyon. Sa nakikita kong porma ng edukasyon, malabo talagang mapulot sa akademikong panuruan ang katotohanan sa pakikibaka at nasaksihan ko kung paano nito pinapatid ang interes ng tao sa usapin ng pagrerebolusyon. Ang kasalukuyang sistema ng edukasyon ang naghuhulma ng kamangmangan ng isang indibidwal upang masadlak ang mga tao sa pagsasawalang-kibo at pananahimik.

Sa halip na linangin ang kritikal na diwa, ang edukasyon ay nagiging mekanismo na lamang ng pagsunod at pagtanggap sa umiiral na sistema, kahit pa ito ay lantarang may pagkukulang. Malaki dapat ang ginagampanan ng edukasyon sa pagpapakalat at pagtatanim ng katotohanan sa diwa ng nakararami. Kabilang dito ang katumpakan ng armadong pakikibaka sapagkat darating ang panahon na ang lahat ng mamamayan ay mag-aarmas upang tumindig at ipaglaban ang karapatan laban sa mga naghaharing uri na walang ginawa kundi gahasain ang karapatan ng bawat indibwal.

> **"Ang kasalukuyang sistema ng edukasyon ang naghuhulma ng kamangmangan ng isang indibidwal upang masadlak ang mga tao sa pagsasawalang-kibo at pananahimik.**


Sa huli, ang pag-unawa sa ganitong mga usapin ay kinakailangan ng bukas na isipan at kahandaang makinig sa mga diskurso. Hindi sapat ang pag-asa sa iisang naratibo, lalo na kung ito ay nagmumula lamang din sa mayhawak ng kapangyarihan. Ang tunay na kamalayan ay nagmumula sa pagsusuri, karanasan at pakikiugnay sa mamamayang api sapagkat naririto ang reyalidad ng lipunan at isa itong prosesong hindi maikakahon sa loob ng mga propagandang sumisira sa ideolohiya ng CPP-NPA sa bansa.

---

*Ipinakikilala sa isyung ito ang Aklas-Diwa na magiging regular na kolum para sa opinyon ng sektor ng kabataan sa usaping panlipunan ng bansa at buong daigdig. Magiging daluyan ito ng tunay na malayang pamamahayag bilang alternatibong espasyo sa social media na kargado ng disimpormasyon, fake news at kabulaanan ng pasistang estado. Hinihikayat ang mambabasa na mag-ambag.*

# Quezonin, patuloy na nag-aalab ang diwang makabayan sa gitna ng mga kilos-protesta

Muling sumiklab ang diwang makabayan ng mga Quezonin sa mga unang buwan ng taon. Pinakamainit ang naging paggunita sa EDSA People Power noong Pebrero 25. Batid ng mamamayan ng lalawigan na walang ipinag-iba ang mga batayan ng pag-aalsang Edsa noong 1986 sa ilalim ng Diktaduryang Marcos, at ng ipinagpuprotesta ngayon sa panahon ng paggunita sa ika-40 taon sa ilalim naman ng anak nitong si Bongbong Marcos. Ang punò ng korapsyon na Diktador ay nagbunga ng kasimbulok sa korapsyon na gubyerno ngayon ng kanyang anak na si Bongbong.




Noong Pebrero 25, nagsagawa ng mga programa at mobilisasyon ang iba't ibang sektor sa Quezon bilang pag-alala sa diwa ng EDSA People Power. Naging espasyo ito para sa mga talakayan, pananalumpati at *cultural performances* na nag-uugnay sa kasaysayan ng pakikibaka sa kasalukuyang kalagayan ng bansa. Ipinahayag ng mga kasama ang panawagan para sa tunay na pagbabago at hindi pagbabaliktad ng kasaysayan.

Ilang araw lamang ay bumalik sa kalsada ang nagpuprotestang mamamayan matapos pumutok ang gera sa Gitnang Silangan nang salakayin ng Imperyalistang US at Zionistang Israel ang Iran kunsaan umabot na ngayon sa higit 2,000 Iranian ang napatay, kabilang ang daan-daang mga bata, at lampas 25,000 ang nasugatan mula noong Pebrero 28.

Kasunod nito, naganap ang oil price shock at krisis pang-ekonomya sa daigdig na ramdam sa bansa. Naglunsad naman ng serye ng pagkilos ang mga progresibong organisasyon, sa pangunguna ng Bantay-Kaban Quezon matapos ang halos araw-araw na pagtaas ng presyo ng langis. Isinagawa ang pag-ikot sa mga terminal ng *jeep* at traysikel sa Lucena at Lucban, kung saan nakipagtalakayan, kumustahan at konsultahan sa mga tsuper at mamamayan upang tutulan ang patuloy na *oil price hike*, pagtaas ng pamasahe at presyo ng mga bilihin. Pangunahing panawagan sa mga aktibidad ang pagtanggal ng VAT at *excise tax*.

Sa Lucban at Gumaca, nanguna ang kabataang estudyante sa pagtatayo ng *community pantry* hindi lamang para may maiambag sa pang-araw-araw na konsumo ng mamamayan, kundi ay para ipamukha sa gubyernong Marcos Junior na inutil ito sa pagtugon sa batayang serbisyo at pangangailangan ng taumbayan sa gitna ng gera at krisis. Ang grupo ng kabataang estudyante na pinupuri sa kanilang paminggalang bayan ay ang grupo rin ng kabataan na binabantayan at binabantaan ng pulis at militar dahil sa kanilang pagiging *woke* sa tunay na nangyayari sa lipunan.

Umigting pa ang mga pagkilos noong Marso hanggang Abril sa magkasunod na tigil-pasada ng sektor ng transportasyon na sinuportahan ng komyuter at karaniwang mamamayan. Nagkaisa ang iba't ibang sektor sa isang mas malawak na protestang bayan. Hindi lamang simpleng protesta ang mga aktibidad na ito kundi pagpapakita ng kolektibong lakas ng mamamayan sa harap ng krisis pang-ekonomya. Giit ng mga progresibong grupo, ang sunod-sunod na *oil price hike* ay direktang nagpapahirap sa mga probinsya tulad ng Quezon, kung saan limitado ang alternatibong kabuhayan at transportasyon.

Lalong nagpakulo ng galit ang paglulunsad ng PH-US Balikatan War Exercise kunsaan may gaganaping aktibidad sa San Narciso sa Abril 8-9. Alam na alam ng taumbayan na makakaladkad ang bansa sa gerang niluluto ng Amerika laban sa China kaya maaga nang ipinuposisyon ng US ang kanyang sandatahang tropa sa iba't ibang panig ng bansa kabilang ang mga lugar sa kahabaan ng *coastline* ng Tayabas Bay.

Dumadagundong ang mga pangunahing panawagan ng masa sa pagtutol at pagpapatigil sa gera sa Gitnang Silangan, pagkundena sa PH-US Balikatan War Exercise, pagbaba ng presyo ng langis, pagtanggal ng buwis sa petrolyo, at dagdag-sahod upang makasabay sa tumataas na gastusin.

Sa kabila ng mga hamon, nananatiling buhay at matatag ang diwang makabayan ng mga Quezonin. Sa bawat protesta saan mang sulok ng Quezon, muling pinatutunayan na ang kasaysayan ng pakikibaka—mula EDSA hanggang sa kasalukuyan—ay patuloy na isinusulong ng mamamayan sa probinsya at buong bansa.



# Ang Pagsasabuhay ni Ka Mulan sa di-mabuburang papel ng kababaihan sa rebolusyon

*Ang kuwentong ito ay nagmula sa programang Meet Your NPA, isang pulong panayam sa loob ng yunit ng Apolonio Mendoza Command na binuo para sa mga kasamang exposurist, integree at nasa Tour of Duty. Layunin nitong ipakilala sa mga bagong sampa ang kanilang Hukbong Bayan.*

May panahon ng taglagas at tagsibol sa rebolusyonaryong kilusan. Taglagas kung marami-rami ang lumisan o tumalikod sa makauring adhikain ng masang Pilipino para sa pambansang demokrasya. Tagsibol naman kung dumarami ang bagong rekrut na Pulang mandirigma at lumalawak ang suportang masa para sa armadong pakikibaka kapwa sa kanayunan at kalunsuran. Sa halos tatlong dekadang paglilingkod ni Ka Mulan sa masang api at kanilang rebolusyon, hindi iilang taglagas at tagsibol na ang kanyang nasaksihan.

**Taglagas ng maagang bahagi ng Dekada 90**

Taong 1990 nang mamulat si Ka Mulan bilang aktibista. Tampok na isyu noon ang pagpatay ng isang Amerikanong sundalo sa isang Pilipino sa loob ng Subic Air Base sa Olongapo City. Ito ang nagtulak sa kanya para maging aktibo sa kilusang masa laban sa papet na gubyerno at sa tahasang paglabag ng imperyalismong US sa pambansang soberanya.

Sa mga taon ding ito, naharap ang rebolusyonaryong kilusan sa malalang disoryentasyon at paksyunan – ang *reaffirmist* (RA) laban sa *rejectionist* (RJ). *Reaffirmist* ang tawag sa mga nanindigan sa Marxismo-Leninismo-Maoismo bilang pangkalahantang linya ng Partido sa ideolohiya, sa Demokratikong Rebolusyong Bayan na may sosyalistang perspektiba sa linyang pampulitika at sa demokratikong sentralismo na patakarang pang-organisasyon.

*Rejectionist* ang tawag sa mga sumalungat at kumontra rito. Upang iwaksi at gapiin ang "Kaliwa" at kanang oportunismo, repormismo, at paksyunalismo, inilunsad ng Partido ang Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto (IDKP) noong 1992. Nagtagumpay ang IDKP na talunin ang mga ito at naisalba ang Partido sa nakamamatay na pagkakamali.

Tumalima ang mga magulang ni Ka Mulan sa IDKP, nanindigan sa batayang prinsipyo ng Partido at ipinagpatuloy ang pagsusulong ng DRB sa pamamagitan ng matagalang digmang bayan. Agad silang pumaloob sa isang yunit ng NPA sa Quezon upang hindi mahatak ng mga RJ.

**Tagsibol ng kalagitnaan ng Dekada 90**

Kalaunan ay pumaloob din si Ka Mulan sa yunit ng NPA sa Quezon. Napabilang siya sa 12 Pulang mandirigma na ipinakat sa gawaing masa. Mula sa dating tagasulat ng katititikan ng mga pulong at pagtitipon, nahasa siya maging sa pagbubuo ng mga rebolusyonaryong grupo. Siya ngayon ay isa sa mga beteranong nagpundar sa baseng masa sa lalawigan ng Quezon. Naging bahagi rin siya ng mga grupong ipinakat sa ibang lalawigan sa Southern Tagalog para sa gawaing ekspansyon o pagpapalapad at pagbubuo ng mga larangan.

**Rebolusyonaryong pamilya**

Maraming mabubuting anak ng bayan mula sa iba't ibang antas ng buhay ang pinili pa rin ang masalimuot at mahirap na rebolusyonaryong landas labag man ito sa kagustuhan ng kanilang magulang. Naunawaan nilang higit pa sa pansariling kagustuhan ang ipinaglalaban. Kaya hindi na bago para kay Ka Mulan ang itim na propaganda ng AFP na sinasayang lang daw ng kabataang nag-NPA ang hirap at pangarap ng magulang para sa

> **"Kapag proud NPA ka, hindi ka matatakot sa kaaway.**

kanila. Sa apat na magkakapatid, tatlo sa kanila ang nag-NPA.

"Labas sa pangarap nilang maka-graduate ako, pangarap din talaga nila na ako'y mag-NPA," ani Ka Mulan. "Duda pa nga sila kung kakayanin ko ba ang buhay dito sa bundok," patawa niyang sabi. "Higit sa lahat, sariling pasya ko talaga ang mag-NPA."

Hindi sinayang ni Ka Mulan at kanyang mga kapatid ang hirap at pangarap ng kanilang mga magulang, bagkus ay tinanganan at isinabuhay nila ito.

**Sa kamay ng kaaway**

"Kapag proud NPA ka, hindi ka matatakot sa kaaway," sambit ni Ka Mulan nang ibinahagi niya sa mga kasama ang pagkakaaresto sa kanya ng kaaway.

"Mababa ang tingin ko sa kanila," pagbibigay diin niya sa katangian ng mga pasista. Tampok sa kwento ng kanyang pagkakaaresto ang pagpupumiglas at panlalaban sa mga dumakip sa kanya.

"Pagdating sa munisipyo, 'yung *arresting officer* ko ang kailangang ipa-ospital!"

Sa halos dalawang taong pagkakabilanggo, hindi naging balakid ang mga rehas upang ipagpatuloy ni Ka Mulan ang gawain sa pagmumulat at pag-oorganisa. Kasama ang iba pang detenidong pulitikal, naging tulay siya sa paglaban sa mga di makataong kundisyon at malulupit na mga patakaran sa loob ng kulungan. Marami silang laban na naipanalo tulad ng pagpapababa ng presyo ng mga bilihin sa loob . Dahil talamak ang prostitusyon rito, bahagi ng kanilang programa ang pagsusulong ng karapatan at kagalingan ng kapwa babae. Nagsilbi silang mga tagapayo at tampulan ng karaingan, tanda ng pagkilala at pagtitiwala sa kanila ng mga preso.

**Amasonang ina**

Maraming magulang, laluna ang mga nanay, ang napawalay sa kanilang anak sa iba't ibang dahilan. May mga nagsipag-abrod para lang may maipangtustos sa pamilya dahil sa barat na pasahod at kawalan ng disenteng trabaho sa bansa. Mayroong kulang ang panahon dahil mas mahaba ang oras nila sa pabrika kesa sa tahanan para sa mas malaking kita. Ilan lamang ito sa sistemang lalong nagpapahirap sa masang Pilipina na siya ring nais baguhin ng rebolusyonaryong kilusang kinabibilangan ni Ka Mulan.

"Isa sa nakatulong talaga sa akin ang maagang pagpaplano, sa kung saan o sino ang magpapalaki at mag-aaruga sa aking anak," tugon ni Ka Mulan sa kung paano niya inihanda ang sarili na mapawalay sa anak. "Hindi man kami madalas magkita, kampante ako na mahal siya ng nagpalaki sa kanya."

Napawalay man ng mahabang panahon, tiyak si Ka Mulan na lumalaking may malasakit sa masang anakpawis ang kanyang anak. "No'ng nagtapos siya ng kolehiyo, sinabi ko sa kanya na kung hindi man siya mag-NPA ay tumulong pa rin sa ibang tao."

Mula kay Gabriela Silang hanggang sa mga makabagong rebolusyonaryong kababaihan, nakaukit na ang kanilang makasaysayang papel sa armadong pakikibaka. Dito, sila'y mga medik, propagandista at guro, magigiting na Pulang mandirigma at kumander at mahuhusay na kadre ng Partido na nakakalat sa iba't ibang larangan. Hindi lamang sa mga opisyal na posisyon nasusukat ang pantay na pagtingin sa babae at lalake kundi higit lalo ay sa pagsusulong at pagtataguyod ng mga programang tumutugon at nagtitiyak sa kanilang sosyo-ekonomikong interes at kagalingan.

Dumaan man ang maraming taglagas at tagsibol, nananatili ang kabuluhan at katiyakan ng rebolusyong maghahatid ng tunay na pagbabago sa lipunan. Walang kasariang pinipili ang kahirapang idinulot ng imperyalismo, pyudalismo at burukrata-kapitalismo. Wala ring pinipiling kasarian ang rebolusyong papawi sa mga ito. Patuloy itong tinatahak ng mga bagong salinlahing handang balikatin ang mga mabibigat na tungkulin alang-alang sa interes ng sambayanan.

"Sa bawat taglagas, may tagsibol. Tiwala akong maitutuwid ng ating Partido ang mga kamalian at makababangon mula sa pagkakadapa dahil mapagkumbaba at tapat nitong inaako ang mga kahinaan," ani Ka Mulan.

"Kaya napapanahon at tumpak ang kilusang pagwawasto," puno ng pag-asa niyang sambit. Taon man daw ang kakainin bago muling makabawi, nakatitiyak si Ka Mulan na magtatagumpay ang kilusang pagwawasto ng Partido. "Kahit may taglagas, hindi nito mapapawi ang mga napagtagumpayan na ng rebolusyon."

# Tutulan at labanan ang gerang inilalako ng US

Ka Cleo del Mundo
Tagapagsalita, Melitor Glor Command
NPA-Southern Tagalog

Walang pakundangan ang panginoon ng digmang si Donald Trump sa paglalako ng kanyang gera sa buong daigdig. Habang kumitil na ng libong buhay, nangwasak ng mga kabuhayan, at nagdudulot ng krisis pang-ekonomya ang pagsalakay nito sa Iran, heto at lantarang idinadamay ang bansang Pilipinas sa peligrong makadigmaan din nito ang China sa malaong hinaharap.

Mula noong Marso 23 ang PH-US Balikatan War Exercise ay narito sa Southern Luzon at tatagal hanggang Mayo 9. Lalahukan ito pangunahin ng mga pwersa ng AFP at sundalong Kano kabilang ang iba pang kaalyadong bansa ng US kagaya ng Japan sa maglulunsad ng ehersisyong pandigma at pagsubok sa mga modernong kagamitan sa gera. Itinuturing ito ng papet na si Gen. Brawner na pinakamalaking Balikatan Exercise sa kasaysayan.

Inaasahang gagawin nila ang *live firing* kung saan gagamit ng mga tunay na bala, bomba at missile sa kanilang *war games* na umano'y mahalaga para sa inter-operability sa pagharap sa anumang banta ng pananakop sa Pilipinas na wala namang ibang tinutukoy kundi ang bansang China. Tulad ng karanasan ng mga Palaweño tuwing may Balikatan sa kanilang probinsya, tiyak na pagbabawalan nila ang mga magsasaka at mangingisda na lumapit sa paglulunsaran ng mga aktibidad at kung gayo'y makakaabala sa kabuhayan ng mamamayan. Dagdag pa ang pangambang dulot ng nakaambang gera sa mga Pilipino.

Malinaw na bahagi ito ng plano ng US para magtatag ng base o *foothold* sa Pilipinas para sa niluluto nitong gera sa Asia Pacific.

Ang ganitong mapang-upat, nakakasindak at mapanganib na *war exercise* ay isasagawa nila sa tabing ng "community-focused activities" para kumbinsihin ang taumbayan na makikinabang sila sa pagpapaganda ng imprastraktura, libreng serbisyong pangkalusugan at samut-saring aktibidad sa barangay na tinatawag na "community outreach programs civic action" o CIVAC.

Lumang katawagan na ang CIVAC na sa ilalim nito'y mga proyektong inasukalang bala para ipatanggap sa mamamayan ang presensya ng tropang Amerikano sa lugar bilang "mababait at matulunging dayuhan".

Madaling maintindihan kumbakit isa sa pinili ngayon ang bayan ng San Narciso sa lalawigan ng Quezon. Malaki ang silbi ng mahabang baybayin ng San Narciso at buong Bondoc Peninsula na nakaharap sa West Philippine Sea.

Ang San Narciso ay isang mahirap na bayang agrikultural kahit naturingang *first class municipality*. Kalakhan ng populasyong magsasaka ay nakaasa sa niyugan habang kontrolado ng iilang panginoong maylupa ang mga sakahan. Sa ganitong hikahos na kalagayan pagpapanggapan ng PH-US Balikatan War Exercise ang mamamayan para ibenta ang kanilang mapangwasak na digmaan. Maaari itong matulad sa Mavulis Island na bahagi ng Batanes, at 88 milya ang layo sa Taiwan. Ginawa itong forward *operating base* ng US habang tinayuan ng mga pakitang-taong proyekto kagaya ng mga paaralan, *disaster relief center* at iba pang imprastraktura. O di kaya nama'y matulad sa Punta Baja, Rizal, Palawan na palagian nang ginagamit para sa mga kolonyal na pagsasanay matapos tayuan ng mga imprastruktura.

Hindi ito dapat tangkilikin ng mamamayan sa Southern Luzon laluna ng mamamayan ng Quezon, sa halip dapat itong kondenahin at salubungin ng mariing pagtutol at protesta.

Walang dapat kasabikan sa Abril 8-9 sa pagdating sa San Narciso ng tropang Amerikano na kalakaladkad ang aso nilang AFP. Hindi dapat mamangha sa parada ng sasakyan at barko-de-gera, liparan ng mga eroplano at drone, sa malapistang aktibidad na tinatawag nilang serbisyo dahil sa likod nito ay ang iisang salita ng pasismo na karahasan sa mamamayan para makapaghari. Kitang-kita natin ang nagaganap sa Gitnang Silangan at tiyak na higit pang pinsala ang mangyayari kapag pumutok na ang gyera ng US laban sa China.

Sa okasyon ng ika-57 anibersaryo ng Bagong Hukbong Bayan, tungkulin nitong muling magparami at magpalakas upang ipamalas ang kakayahan nitong labanan ang pasistang AFP-PNP, maging ang armadong tropa ng imperyalismong US. Panata ng Pulang hukbo na patuloy na ipaglalaban ang tunay na pambansang kalayaan ng sambayanang Pilipino laban sa pagkakasaklot ng US.

**Magpunyagi...** mula sa p.3

Naghihintay sa mga kabataan ng Quezon ang uring magsasaka, mga mangingisda at katutubo sa malawak na kanayunan – mula sa kagubatan at kabundukan ng Sierra Madre sa North Quezon, sa mga kapatagan sa paanan ng Bundok Banahaw ng Central Quezon, hanggang sa makasaysayang South Quezon-Bondoc Peninsula at Quezon-Bicol Zone. Ang mga ito ang inyong lugar sa kasaysayan ng pagbabagong panlipunan.

Walang ibang paraan kundi ang maglunsad ng matagalang digmang bayan para wakasan ang tatlong salot na imperyalismo, pyudalismo at burukrata kapitalismo.

Tatak ng mamamayan ng Quezon ang pagiging magiting. Dapat na maging karangalan ng bawat mamamayan sa lalawigan na masabihang, "Taga-Quezon ka, maraming NPA sa inyo."

Puno ng pag-asa ang CPP-NPA at rebolusyunaryong mamamayan sa muling pagdami at paglakas ng tunay na hukbo ng uring api. Tinitiyak ito ng hindi maampat na krisis pampulitika at pang-ekonomya sa bansa at buong mundo na nagmumulat sa sambayanang Pilipino na matutong lumaban at mag-armas para kamtin ang lipunang tunay na malaya, demokratiko at masagana.

**Pagdiriwang ng NPA@57...** mula sa p.1

Cruz na nagbuwis ng kanilang buhay sa panahon ng kasalukuyang kilusang pagwawasto.

Itinampok sa pagtitipon ang mga mensahe ng pakikiisa mula sa Kabataang Makabayan (KM) sa kalunsuran, Pambansang Katipunan ng mga Magbubukid (PKM), mga kasama sa North America at Sangay ng Partido sa Lokalidad na nagbigay ng hamon at inspirasyon sa lahat para ubos-kayang isulong ang digmang bayan.

Naging bahagi ng pagdiriwang ang pagsalu-salo sa inihandang pagkain na ispageti, tinapay at palamig, at ilan pang aktibidad gaya ng pagsasagawa ng *chalk mura*l na itinampok ang BHB@57 logo, at ang panonood ng mga matatagumpay na taktikal na opensiba ng BHB.

*Noong Marso 28, 2024, sa bisperas ng pagdiriwang ng ika-55 anibersaryo ng BHB at unang taon ng pagtalima sa kilusang pagwawasto ng rebolusyunaryong kilusan, magiting na nagbuwis ng buhay sa isang labanan sina Ka Zoe at Ka Isko sa Guinayangan. Muling inilalathala ang bahagi ng mga pahayag at parangal na inialay sa kanila.*

## Patuloy na dakilain ang buhay nina Ka Zoe at Ka Isko

Pinakamataas na parangal ang iginagawad ng Partido Komunista ng Pilipinas at ng rebolusyunaryong kilusan sa Quezon kina Kasamang Zoe at Kasamang Isko na namartir sa pag-aalay ng kanilang buhay sa naganap na labanan noong Marso 28, 2024 sa bayan ng Guinayangan.

Ano pa nga ba ang pinakamagandang ialay sa bisperas ng anibersaryo ng pinakamamahal na Bagong Hukbong Bayan kundi ang ating mga napakahirap na pagsasakripisyo at kaisa-isang buhay alang-alang sa pagpapalaya ng bayang inaapi. Hindi nasayang ang mga buhay nina Ka Zoe at Ka Isko.

Taliwas sa nais ipilit ng kaaway, isang may saysay at puno ng kabuluhan ang maging rebolusyunaryo. Nagkamali ang kaaway sa kanilang panukat, hindi ang pagkamartir ng mga rebolusyunaryo ang nagtatakda ng paghina ng isang kilusan. Sa halip ito ang pamantayan para sa isang kaganapan ng sinumpaang paglingkuran ang sambayanan, kung gayo'y nagpapakita ng katapatan at lakas na tiyak magiging inspirasyon ng iba pang inaaping mamamayan para tumahak sa landas ng pagrerebolusyon.

Sa bawat hininga't buhay na inialay sa bayan, ito'y dagdag na kabawasan sa hininga't buhay ng naghihingalong malakolonyal at malapyudal na Pilipinas. Ito'y bisperas ng kamatayan sa imperyalismong US at pasismo ng estado. Ito'y huling hihip sa malaganap na apoy na tutupok sa pyudalismong bumabalot sa kanayunan.

Tiyak ang tagumpay ng demokratikong rebolusyon bayan! Hindi ito magagapi!

### Si Ka Zoe

Si Kasamang Zoe ay si Divine Soreta sa kanyang mga magulang, anak, kapatid at katribung Manide. Ipinanganak noong Mayo 14, 1990 sa Paracale, Camarines Norte. Kabilang siya sa tribung Manide, isang pamayanan ng katutubong mamamayan sa Camarines Norte at ilang bayan ng Quezon.

Iginuhit ni Ka Zoe ang natatanging kuwento ng buhay ng mga katutubo. Nakatuntong siya ng kolehiyo at sa kabila ng mga oportunidad na bumukas sa kanya, noong 2016 natagpuan ni Ka Zoe ang tunay na kahulugan ng paglilingkod sa kapwa niya katutubo at buong sambayanan sa pagsapi sa NPA.

### Si Ka Isko

Napakamakabuluhan ang ginugol ni Ka Isko na mahigit isang taon sa mga larangan ng Apolonio Mendoza Command. Naging saksi siya sa mabangis na pananalasa ng *focused military operations* ng 85th IBPA at kahit napakabago sa pakikidigmang gerilya, magiting na lumahok si Ka Isko sa tinaguriang "limang unos ng Nobyembre", ito ang limang labanan na naganap sa loob ng 18-araw ng Nobyembre, 2020.

Siya si Paolo Cruz sa kanyang pamilya, asawa at kapatid. Ipinanganak siya noong July 5, 1994 sa probinsya ng Bataan. Kasalukuyang kagawad ng Komiteng Probinsya ng Partido si Ka Isko nang siya ay mamartir.




## Pag-alala kay Ka Isko at Ka Zoe

Dalawang taon na simula nang ialay ninyo ang kaisa-isang buhay,

Bilang na bilang ko ang taon, taon kung kailan tayo kinasal, at taon kung kailan ka namartir.

Ilang segundo bago kumawala ang mga luha sa aking mga mata, matapos ibalita sa akin ang inyong pagkawala. Hindi makapaniwala,

Dahil sa araw na yun, imbis na masayang pagbati ng mga kasama sa unang anibersaryo ng ating pag-iisang dibdib, mahigpit na yakap at luha ang natanggap.

Mahigpit kong tinatanganan ang ating panata, ang ating sinumpaang tungkulin sa harap ng Partido at sa masang ating pinaglilingkuran.

Panatang kahit magkawalay, magkasama sa ligaya't lumbay hanggang sa tagumpay.

Ano pa nga ba ang magandang regalo na pwede kong ibigay sa iyo aking minamahal na asawa, kundi ang aking pananatili at patuloy na nagpapakahusay sa iba't ibang larangan ng gawain at sumulong sa ating sinumpaang tungkulin sa harap ng mahal nating Partido at masa.

Gusto ko din ipagmalaki sa iyo Ka Isko at kay Ka Zoe na hindi ko pababayaan ang inyong ibinigay na dunong sa akin noong panahon na magkakasama tayo. Patuloy kong gagamitin ito para sa pagpapalawak at pagpapalakas ng ating baseng masa sa erya ng digma.

Palagi tayong hinahamon ng panahon, kailangang maunawaan na ang pinakamakapangyarihang anyo ng pagmamahal ay paglaban.

Para sa masang api,
Ka Iska




**Dekadang Paglalakbay**
*dibuho ni Ka Ilya*

## Isang Pag-aambag
ni Ka Summer

Habang nag-iisip sa sulok ng silid
Biglang naalala ang kaarawang sasapit
Ng Bagong Hukbong Bayang hindi naiinip
Sa pagsilang ng isang payapang daigdig

Sa kaarawang ito'y nais kong iambag
Ang kunting kakayahang sa isip nag-ugat
Ng isang likhaing sa aki'y nagmulat
Na huwag maging bingi at wag maging bulag

Pulang Hukbo'y sagisag ng tapang at tatag
Maglingkod sa masa yan ang laging ganap
Sa anumang panganib hindi nangingilag
May giting ang puso sa respeto'y tanyag

Ngayo'y pagdiriwang ng pagkakatatag
Sandata'y hawakan muling mamayagpag
Ikaw, mandirigma ang isang sagisag
At di magagapi ng buwayang hitad

## Kalaban
ni Ka Paolo

Kalaban ko ang sarili,
mairitahin at mainipin.
Gutom ay kinakatakutan.
Bagahe ng petiburges na kinagisnan.

Kalaban ko ang maglakad,
para lumayo sa kapahamakan.
Sa likod ay gabundok na gamit,
at may tsansang madulas kung matarik.

Kalaban ko ang hapdi,
mula sa kagat ng niknik,
sa gasgas ng talahib,
sa tinik
ng tuyo na tumurok sa 'king bibig.

Pero ang tunay na tinik sa lalamunan,
ay ang panginoong maylupang gahaman,
dayuhang minahang lason sa kapaligiran,
at ang pasistang militar sa kanayunan.

Kapag binato ka ng bato ng kalaban,
batuhin mo ng digmang bayan

## Alam n'yo ga?

**Katakot-takot na bomba ang inihulog ng US at Israel sa Iran sa loob lamang ng 25 araw, hindi bababa sa 23,000 bomba, o mahigit 920 bomba araw-araw!**

*Mula sa Ang Bayan, Espesyal na Isyu Marso 29, 2026*

Ang DIKLAP ay ang rebolusyonaryong pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas - Marxismo-Leninismo-Maoismo sa Lalawigan ng Quezon. Ito ang boses ng mamamayang nakikibaka at tagapamandila ng mga tagumpay ng demokratikong rebolusyong bayan sa Quezon.

Maaring i-follow ang @quezons.pov sa Instagram para sa inyong kopya ng Diklap, at para sa iba pang artikulo at larawan.

## Walang Kinikilalang Wika Ang Rebolusyon

*(Malayang Salin ng The Revolution Knows No Language*)

Ang tingkad ng sinag ng buwan ay nagpaaninag sa mukha kong naglantad ng pagiging tisay
Nagpakita sa kaibhan ng dilim, sa itim ng mauling na kamay ni Tatay

Ang mga ilog, mga bundok at mga bagnas na tinatawid para magpanagpo,
Ay kahalintulad ng mga gatla sa palad ng masa kapag kinahalubilo

Butil ng pawis ang dumausdos sa aking babâ tungong inaapakang lupang nakatanim ang binhi
kunsaan ang halama'y sumibol para hagkan ang nag-uumapoy kong pisngi

Maaring hindi ko totoong unawa ang wika ng kungsinong buong-puso naming pinaglilingkuran
Pero tumugon sa panawagang mag-armas na huni ng hanging namaybay sa tubuhan at palayan

Tungong mga pagawaan sa pamamagitan ng nasunog na gulong, at gayo'y isudlong ang manggagawa at mga dayuhang obrero
Para sa aping masa na pamunuan ang pinakakinakailangang sakripisyo

Para tanganan ang pinanday na maso ng anakpawis at salpukin ang lamig ng sakal ng naghahari
Para punitin ang mga pagitang naghihiwalay ng lakas ng pitong libong pulong di-nahahati

Ang tanging tiyak na kinabukasan ay kapag ang pandaigdigang kaaway ng sanlibutan ay nagapi
At kapag makakapaglunoy na sa pulang silahis na bumalatay sa sandaigdigang nagwagi

Hindi na kailangang isalin pa ang salitang Tagumpay

----

*Ang orihinal na tula sa English ay isinulat ni Ka Tisay, isang dayuhan mula sa North America na nakipamuhay sa New People's Army. Nataon ang petsa ng pagsasalin sa ika-87 kaarawan (February 8, 2026) ni Jose Maria Sison, Tagapangulong tagapagtatag ng Partido Komunista ng Pilipinas at tagapamandila ng Marxismo-Leninismo-Maoismo sa buong daigdig

*bumalatay - lalawiganing salita sa Cavite na "nakaunat/nakalatag na pahaba sa partikular o iba't ibang direksyon"; balatay ang salitang-ugat.

### The Revolution Knows No Language

The bright light of the moon reflects on my face revealing *Tisay*
Contrasting the dark, charcoal-soiled hands of *Tatay*

The rivers, mountains and paths we cross to meet,
Resemble the grooves on the *masa*'s palms when we greet

Beads of sweat roll down my chin to the seeds sowed beneath my feet
Where the plants grow to kiss my feverish cheeks

I may not fully understand the language of who we wholly serve
But Answered calls to carry arms ring in the wind through the *tubuhan* and *palay* fields

To construction sites by burnt rubber wheels, and to wage labourers and overseas foreign workers
For the oppressed masses to lead the most necessary hardship

To wield the forged hammer of the toiling and hit the cold grip of the ruling
To slit the borders dividing with the force of 7,107 islands united

The international enemy of the people defeated is the only future guaranteed
And when the red sun rises against timezones for the triumphant to bathe in it

*Tagumpay* need not be translated



## Mag-ani ng Tagumpay!

*Dibuho ni Ka KT*

